

## Lokasyon at mga oras ng Tanggapan ng Kagawaran ng Tulong Legal

### Aplikasyon sa tulong legal sa mga kasong sibil:

**Tanggapan sa Hong Kong:**
25/F Queensway Government Offices, 66 Queensway, Hong Kong (Tel: 2537-7661)

**Tanggapan sa Kowloon:**
G/F Mongkok Government Offices, 30 Luen Wan Street, Mongkok, Kowloon (Tel: 2380-0117).

**Mga oras ng tanggapan:**

| | |
|---|---|
| Lunes hanggang Huwebes | 8:45am - 1:00pm |
| | 2:00pm - 5:45pm |
| Biyernes | 8:30am - 1:00pm |
| | 2:00pm - 6:00pm |

### Aplikasyon sa tulong legal sa mga kasong kriminal:

25/F Queensway Government Offices, 66 Queensway, Hong Kong (Tel: 2537-7738)

**Mga oras ng tanggapan:**

| | |
|---|---|
| Lunes hanggang Huwebes | 8:45am - 1:00pm |
| | 2:00pm - 5:45pm |
| Biyernes | 8:30am - 1:00pm |
| | 2:00pm - 6:00pm |

01/2017
Published by the Legal Aid Department
Printed by the Government Logistics Department

# Mga Serbisyo ng Tulong na Legal sa Hong Kong

(Tagalog Version)

法律援助署



## Tulong na Legal

Binibigyang pagkakataon ng tulong na legal ang mga taong walang kakayahan na magbayad sa isang abogado upang maging kinatawan nito sa mga pagdinig sa korte.

## Ang Departamento ng Tulong na Legal

Ang Departamento ng Legal na Tulong ("ang Departamento") ay nagbibigay ng tulong na legal sa sinumang tao na gustong humarap o maipagtanggol sa mga pagdinig sa korte, ito man ay sibil o kriminal, sa Hong Kong. Nagiging kwalipikado ang isang tao para sa legal na tulong kung ang kakayahan ay napapabilang sa itinakdang limitasyon at mayroon siyang makatuwirang kaso.

Walang bayad para magaapply para sa tulong na legal. Kung ang tulong na legal ay ibinigay, ang Departamento ang maghahanda ng isang abogado para hawakan ang kaso para sa tinutulungang tao.

## Tulong na Legal para sa mga kasong Sibil

Mayroong tulong na legal para sa mga pagdinig sa District Court, Court of First Instance, Court of Appeal at sa Court of Final Appeal. Kabilang sa mga uri ng kasong nasasakupan ang diborsyo at pag-aaway sa pamilya, personal na claim sa pinsala ( halimbawa claims mula sa aksidente sa trabaho o mga aksidente sa trapiko sa daan), mga pagtatalo sa trabaho, claims sa sahod at mga bagay na may kinalaman sa imigrasyon.

## Tulong na Legal para sa mga kasong Kriminal

Nasasakupan ng legal na tulong para sa krimen ang lahat ng mga pagdinig sa krimen sa District Court, the Court of First Instance at ang mga apela na dinidinig sa Court of Appeal at ang Court of Final Appeal.

## Maaring Hindi Libre ang Legal na Tulong

Ang pondo ng tulong na legal ay mula sa Gobyerno at maaring hindi ito libre.

Maaring pagbayarin ng kontribusyon ang aplikanteng napagkalooban ng tulong na legal base sa kaniyang pinansiyal na sitwasyon sa panahon na ipinagkaloob ang legal na tulong.

Kinakailangan din sa taong tumanggap ng legal na tulong na ibalik ang bayad o bahagi ng legal na gastusin na naipon sa kanyang kaso kung makakuha o manatili ang salapi/ari-arian matapos ang pagdinig. Sakaling makakuha ng salapi o ari-arian o di kaya'y mapanatili ang kaniyang ari-arian mapatos ang pagdinig kinakailangan niyang ibalik ang lahat o bahagi ng legal na gastusin na nagamit para sa kaso.

## Paano Magaapply para sa Tulong na Legal

Dapat na magsadya sa opisina ng Departamento ang sinumang nais na mag-apply para sa tulong na legal para sa sibil o krimen.

Kung ang taong nagnanais na magaapply para sa tulong na legal para sa sibil ay wala pang 18 taong gulang o may kapansanan sa pag-iisip, ang aplikasyon ay dapat na gawin para sa kanya ng isang nakatatanda.

## Tulong sa interpretasyon

Kung ang isang aplikante ay hindi makapagsalita ng Wikang Tsino o Ingles, ang kagawaran ay maaaring magsaayos ng serbisyo ng isang interpreter na walang bayad upang makatulong sa proseso ng application. Mangyaring makipag-ugnay sa aming pambungad na kawani upang maisagawa ang mga kinakailangang pagsasaayos.